

# Isang katotohanan:
# **Mga kababaihan, maiiwasan ninyo ang cervical cancer (kanser sa kuwelyo ng matris).**

*Women, you can prevent cervical cancer – Tagalog*

## Ang isa sa pinakamabubuting bagay na maaari mong gawin para mapigilan ang pagkakaroon ng cervical cancer (kanser sa kuwelyo ng matris) ay regular na magpasuri para rito.

Ang mga pagsusuri para sa screening ng cervical cancer ay ang HPV test at Pap Test. Naghahanap ang HPV test ng mga impeksyon mula sa mga uri ng HPV na maaaring magdulot ng mga precancer at cancer sa cervix. Tinitingnan ng Pap test ang mga selulang kinukuha mula sa cervix upang humanap ng mga pagbabagong maaaring cancer o precancer.

Maaaring sabihin sa iyo ng **iyong doktor o nurse** kung gaano gaano kadalas mo kinakailangang magpasuri.

**Kung ikaw ay nasa edad na 25 hanggang 65 taon,** dapat kang kumuha ng primary HPV (human papillomavirus) test kada 5 taon (ito ang pinakamainam). Kung hindi ka makakakuha ng primary HPV test, kumuha ng isang co-test (isang HPV test na may kasamang Pap test) kada 5 taon o isang Pap test kada 3 taon.

Ang pagkakaroon ng mga regular na screening test ay makakatulong sa pagtuklas ng mga pagbabago bago maging cancer ang mga ito, at makakatulong din sa pagtuklas ng cervical cancer nang maaga, habang ito ay maliit at maaaring mas madaling magamot.

**Karamihan sa mga tao** ay hindi nakakaalam kung sila ay mayroong HPV, kaya't mahalagang regular na magpasuri.

**Kahit na ikaw ay nagpapabakuna ng HPV** kailangan mo pa ring makakuha ng regular na mga pagsusuri hanggang sa edad na 65.

Para sa higit pang impormasyon sa cervical cancer, bisitahin ang **cancer.org** o tumawag sa American Cancer Society sa **1-800-227-2345.**

TAGALOG
©2018, American Cancer Society, Inc. Blg. 080524 Nirebisa 07/20
Ang mga modelong ginamit ay para sa mga layunin ng paglalarawan lamang.